# BATINGAW

DIARYO NG MASA PARA SA KAUNLARAN

TAON 7, BLG. 4 DAET, CAMARINES NORTE OKTUBRE 2007“

Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Camarines Norte”

Website: http:/www.camarinesnorte.gov.ph E-mail: cao_cnorte@yahoo.com


nasa loob


EDITORYAL 4

PIKTORYAL 5





## Prov'l. Health Office puspusan ang kampanya laban sa tigdas

Puspusan ang kampanya ng Provincial Health Office sa Camarines Norte kaugnay ng “Knock Out Tigdas 2007”.

*(Sundan sa pahina 7)*

# OK Bikol Fair itinampok ang Gayon Bikol Fiesta

Tagumpay na naisagawa ang ika-11 Orgullo Kan Bikol (OK Bikol) Fair sa Mega Trade Hall ng SM Mega Mall, Mandaluyong City noong Oktubre 11-14, 2007. Kung saan nakiisa at nagbuhos ng suporta ang pamahalaang panlalawigan sa pangunguna ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr. Itinampok dito ang Gayon Bikol Fiesta ng Department of Tourism, Region V na kinuha ang serbisyo ni Fidel Panotes ng CN Provincial Planning & Development Office, upang gawin ang main entrance at stage sa naturang aktibidad. Matatandaang nagwagi ang idinisenyo niyang booth ng lalawigan noong nakaraang buwan sa 18th Philippine Travel Mart kung kaya't kinuha nilang muli ang serbisyo ni Panotes.

Ayon kay Regional Director Jocelyn L. Blanco ng Department of Trade and Industry, ang OK Bikol ay isang taunang aktibidad kung saan itinatampok ang socio-economic potentials, trade/industry at tourism opportunities sa buong rehiyong Bikol. Tulad ng mga nakaraang OK Bikol ito ay nakatutok pa rin sa mga small at medium enterprises (SMEs) at ang programang “One Town One Product” (OTOP) ng pamahalaan, dagdag pa niya.

Naging mas makulay naman ang selebrasyon ngayong taon sa paglahok ng Department of Tourism (DOT) Bikol na pinamumunuan ni Regional Director Maria Ong-Ravanilla nang ipinakita ang ibat-ibang cultural heritage, tradisyon at ang tourist destinations ng rehiyon. Itinampok din sa apat na araw na aktibidad na ito ang ilang Bicolano singers, show bands at ilang cultural groups na nagtanghal doon, at mga audio-visual presentations ng iba't-ibang tourist destinations at festivals ng anim na lalawigan dito sa Bicol.

*(Sundan sa pahina 9)*




*Ang pagbubukas ng 11th Orgullo Kan Bikol at Gayon Bikol Fiesta sa SM Mega Trade Hall ng SM Mega Mall sa Mandaluyong City noong Oktubre 11-14, 2007. Pinangunahan nina DTI RD Jocelyn Blanco at DOT RD Maria Ong Ravanilla at ilang lokal na opisyal mula sa Rehiyong Bikol ang pagbubukas ng naturang trade fair. Ang stage at entrance sa naturang trade fair ay idinisenyo ni Fidel Panotes ng PPDO-Camarines Norte. Bumisita rin doon ang ilang opisyal ng lalawigan ng Camarines Norte sa pangunguna nina Gob. Jesus O. Typoco, Jr, SP Members Jose Segundo at Pamela Pardo-Pujalte, Mayor Tito Sarion at movie celebrity Bing Pimentel.*

# Statistical Exhibit at Gallery of Good Practices pormal na binuksan

Pormal na binuksan ng Pamahalaang Panlalawigan ang Statistical Exhibit at Gallery of Good Practices sa Lobby ng Provincial Capitol noong Oktubre 8, 2007. Ito'y bilang pakikiisa sa pagdiriwang ng National Children's Month na may temang “BRIGHT CHILD: Karapatan Nasa 'yo Isigaw sa Buong Mundo” at National Statistics Month na may temang “Statistics and Actions: A

*(Sundan sa pahina 8)*

# Prov'l. Library: May mga bagong aklat

Dumating na ang iba't-ibang uri ng mga aklat na pinamilí ng Provincial Library mula sa kilalang bookstore sa Maynila noong nakalipas na buwan ng Setyembre, taong kasalukuyan.

Umabot sa 190 piraso ó 93 mga pamagat ng mga bagong aklat na nagkakahalaga halos ng P60,000.00 para sa mga mag-aaral sa elementarya, mataas na paaralan, kolehiyo at maging mga nasa *graduate studies*. Hangarin nitong maiangat ang kalidad ng mga aklat na ang iba'y hindi na angkop sa kasalukuyang panahon at upang dahan-dahang matugunan ang hamon ng mabilis na paglago ng mga bagong tuklas na kaalaman at karunungan.

Sa mga nakalipas na taon, ang kinakitaan ng mabilis na pagbabago ay ang mga kaalaman ukol sa Science and Technology, Education, Agriculture, Business, Law at Taxation, kaya't ang mga aklat sa ganitong mga larangan ang unang binigyan ng katugunan.

Kapansin-pansing apat na aklat lang ang mababa sa P100.00 ang halaga at ang iba nama'y umaabot pa sa P1,625.00. Inaasahang makatutulong ito ng malaki sa mga mag-aaral sa lalawigan na walang kakayahang magkaroon ng sariling aklat dahil sa kamahalan ng mga ito.

Mga mag-aaral mula sa tinatayang sampung colleges at vocational schools sa sentro ng Daet at mga karatig lugar nito ang

*(Sundan sa pahina 7)*




***Ang Farmers Forum na isinagawa sa Audio Visual Production Center ng provincial capitol na dinaluhan ng mga magsasaka mula sa iba't-ibang bayan ng lalawigan. Ito rin ay naging isang paligsahan ng magpoprodukto na tinawag na Pinaka-Contest kung saan nagdala ng kani-kanilang mga produkto ang mga magsasaka at naglaban-laban kung alin ang pinaka. Nagbigay naman ng kanyang mensahe si Regional Executive Director Jose V. Dayao ng Department of Agriculture, RO5 samantalang nakikining naman sina PA Rodolfo B. Salamero, SP Member Romy Marmol at Provincial Administrator Nap Malaluan.***

# Mga pagsasanay, iba pa tampok sa Fish Conservation Week dito

Itinaguyod ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte ang Fish Conservation Week noong Oktubre 15-21, 2007 na nakatuon sa temang, "Maunlad na Pangisdaan sa Teknolohiyang Makakalikasan".

Isinagawa ito sa pakikipagtulungan ng Provincial Fisherfolks Council of Leaders (PFCL) at ng Office of the Provincial Agriculturist (OPAg) sa pamamagitan ng Fisheries Development Division (FDD) nito. Sinuportahan din ito ng Bureau of Fisheries and Aquatic Resources (BFAR), Agricultural Training Institute (ATI), National Agricultural and Fishery Council (NAFC) at Provincial Agricultural and Fishery Council (PAFC).

Matatandaan na sa bisa ng Provincial Ordinance No. 27 na akda ni Kgd. Romeo R. Marmol, SP Chairman, Committee on Agriculture and Natural Resources, naideklara ang ikatlong linggo ng Oktubre bilang Fish Conservation Week sa lalawigan ng Camarines Norte. Nakapaloob din dito ang paghikayat sa lahat na bayan at barangay dito na makiisa at magplano ng kanilang mga gawain para sa Fish Conservation Week. Ito ay sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa kanilang mga kinauukulang Municipal Fisheries and Aquatic Resources Management Council (MFARMC) at Barangay Fisheries and Aquatic Resources Management Council (BFARMC).

Sinundan ito ng pagpapalabas ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr. sa Kautusang Tagapagpaganap Blg. 2007-22 na nagdeklara sa pagdiriwang ng Fish Conservation Week sa buong Lalawigan ng Camarines Norte simula Oktubre 15-21, 2007. Ito ay alinsunod din sa Presidential Proclamation No. 176 ni dating Pangulong Diosdado Macapagal.

Layunin ng naturang 1-linggong selebrasyon na hikayatin ang lahat na mga kinauukulang sektor at mamamayan na aktibong kumilos at makiisa sa mga programa at proyekto ng pamahalaan tungo sa pagpapanumbalik ng ating likas na yamang-dagat.

Ito ay pormal na nagsimula sa isang maikling programa noong Oktubre 15 sa harapan ng Kapitolyo Probinsyal pagkatapos ng flag raising ceremony kung saan ipinarating ng gobernador ang kanyang mensahe sa pamamagitan ni Prov'l. Admin. Napoleon A. Malaluan. Binigyang-diin ni Gob. Typoco Jr. na dapat pangalagaan at pagyamanin ang mga likas na yamang-tubig/dagat upang panghabambuhay nating mapakinabangan ang mga produkto nito. Tinukoy rin niya na mas magiging maunlad ang industriya ng pangisdaan sa pamamagitan ng mga teknolohiyang makakalikasan.

Pagkatapos ng programa, nagkaroon ng espesyal na programang FARMC on Air na pinangunahan ng mga opisyal at kinatawan ng PFCL at iba pang imbitadong panauhin mula sa BFAR RO 5.

Kaalinsabay nitong isinagawa ang Technical Training-Workshop on Biological Sampling of Commercially Valuable Marine Invertebrates na isinagawa sa Audio-Visual Production Center (AVPC), 3rd Floor Annex, Provincial Capitol.

Isinagawa naman kinabukasan, Oktubre 16, ang reorganisasyon ng Municipal Fisheries and Aquatic Resources Management Council (MFARMC) sa bayan ng Vinzons na pinangasiwaan ng kinatawan mula sa Fisheries Development Division (FDD) ng Office of the Provincial Agriculturist (OPAg). Ang INRMDP Orientation ay pinangunahan naman ng

*(Sundan sa pahina 9)*

# Dahil sa mataas na koleksyon sa buwis, PTO pinarangalan ng DOF

Pinarangalan kamakailan ng Department of Finance (DOF) ang Provincial Treasurer's Office dahil sa mataas na koleksyon sa buwis.



***PTO Lorna S. Coreses***

Napag-alaman na tatlong certificate of commendations ang tinanggap ng Provincial Treasurer's Office ng Camarines Norte mula sa Bureau of Local Government Finance-Department of Finance Regional Office V, Bicol Region, noong Setyembre 6, 2007, sa ginanap na Regata General Assembly sa Provincial Capitol Convention Center, Cadlan, Pili, Camarines Sur.

Batay sa regional ranking at evaluation na isinagawa ng BLGF-DOF, nanguna ang PTO-Camarines Norte at nagkamit ng Rank 1 sa buong Bicol Region dahil sa pagkakaroon ng pinakamataas na antas ng koleksyon sa amilyar o Real Property Tax sa unang semestre ng taong 2007. Rank 2 din ang PTO -Camarines Norte sa Economic Enterprise Collections, at sa Business Tax Collections sa buong Bicol Region.

Sa hanay naman ng mga tanggapan ng ingat-yaman sa mga munisipalidad, narito ang talaan ng mga tesorerong binigyan ng awards:

- ***Real Property Tax Collections*** - 1st Place – MT Ma. Teresa S. Reyes - Jose Panganiban; 2nd Place – MT Anacorita Obrero - San Vicente; 3rd Place - MT Cynthia Jimenez
- ***Business Tax Collections*** – 1st Place – MT Anacorita Obrero – San Vicente; 2nd Place - MT Merlinda Sargento – Sta. Elena; 3rd Place – MT Cecilio Q. Noora, Jr. – Talisay
- ***Fees and Charges Collections*** – 1st Place – MT Anacorita Obrero – San Vicente;

*(Sundan sa pahina 9)*

# Training-seminar tungkol sa Wildlife, Forestry and Protected Area Laws idinaos sa San Lorenzo, CNorte


PENRO Elpidio Z. Orata

Isang seminar-training tungkol sa Wildlife, Forestry and Protected Area Laws for the Proposed Wildlife Enforcement Officers ang idinaos sa Training Hall ng Matacong Agro-Tree Planters Association, Inc. (MATPAI), Resettlement Area, Brgy. Matacong, San Lorenzo Ruiz, Camarines Norte kamakailan.

Sinimulan ito sa isang mataimtim na panalangin na pinamunuan ni G. Benjamin Naperi ng lokal na tanggapan ng Department of Environment and Natural Resources (DENR-PENRO) dito sa lalawigan. Pagkatapos ng pagtanggap na pananalita ni G. Jose Sergio, pangulo ng Matacong Agro-Tree Planters Association, Inc. (MATPAI), ipinaliwanag ni Forester Nestor Mata ng DENR-PENRO ang overview ng training-seminar na kaagad namang sinundan ng pagbibigay ng mga panayam ng mga panauhing tagapagsalita.




Layunin ng nasabing pagsasanay na ang mga dumalo rito ay magkaroon ng mga karagdagang bagong kaalaman tungkol sa umiiral na batas at mga alituntunin kaugnay sa pangangalaga sa natitira pa nating kagubatan at mga yamang matatagpuan dito tulad ng iba't-ibang uri ng halamang gubat at buhay-ilang. Layunin pa rin nito na ang mga dumalo ay magkaroon ng kasanayan at bagong pamamaraan sa pagsasampa ng kaso laban sa sinumang mahuhuling nagnanakaw o sumisira sa natitira pa nating mga likas na yaman sa kabundukan.

Ang mga dumalo rito ay 28 na pawang kalalakihan, 22 mula sa mga aktibong kasapi ng Abasig-Matogdon Watershed Association, Inc. (AMWAI), Brgy. Tulay na Lupa, Labo at 6 mula naman sa MATPAI.

Sa open forum ay nagpamalas ng kakaibang sigla ang mga dumalo sa kanilang tila walang katapusang pagtatanong sa mga naging tagapagsalita upang maging malinaw at lubos na maunawaan ang mga paksang tinalakay sa nabanggit

(Sundan sa pahina 9)






# EDITORYAL

## Senior Citizens sa Provl. Jail pansinin n'yo naman

Ipinagdiriwang ngayong buwan ng Oktubre ang National Correctional Consciousness Month at dapat lamang siguro na sa buwang ito ay mabigyang pansin ang mga taong nasa likod ng rehas na bakal sa ating Panlalawigang Piitan.

Marami nang ginawa at patuloy na ginagawa ang ating pamahalaan para sa mga menor de edad na detenido ngunit kadalasan ay nakaliligtaan natin ang iba pang may edad 60-95 taon. Ang mga menor de edad ay madaling makatatakas pero ang mga matatandang detenido ay wala na sigurong kakayahan na talikuran ang mga kasong kanilang kinakaharap.

Matatandaan na tradisyon na nating mga Pilipino ang pagkalinga sa nakatatanda nating mga kamag-anak. Subali't nakalulungkot ang kalagayan ng mga matatandang detenido na nangangailangan ng higit na pagkalinga ng kanilang mga pamilya.

Sabihin man natin na sila ay nakagawa ng kasalanan, sa kanilang edad ngayon na halos ang iba ay ulyanin na, dapat lamang siguro na maibalik na sila sa kanilang pamilya upang mabigyan ng kaukulang pag-aaruga. Hiling nga nila na kahit minsan man lang sa isang buwan ay madalaw sila, kahit hindi linggu-linggo o araw-araw. Huwag nating kalimutan na sa isang detenido na sukat ang lugar na ginagalawan, tinatakal ang pagkain, at walang layang kumilos na walang nakabantay, isang malaking kaligayahan na para sa kanila ang madalaw man lamang ng kanilang mga mahal sa buhay.

Kung tayo ay handang magbigay ng pagkakataong magbago ang mga menor de edad, bakit tila nag-aatubili tayo na bigyan ng tsansang makapagbagumbuhay ang mga matatandang nagkasala? Sana, bago man lang nila ipikit ang kanilang mga mata ay makapiling nila ang kanilang pamilya sa huling pagkakataon at hindi ang mga taong halos hindi naman nila kilala.

Sana, mula ngayong Oktubre hanggang sa pagsapit ng Kapaskuhan, madalaw man lang sila ng kanilang mga kamag-anak dahil maaaring sa susunod na Pasko ay wala na sila dahil iginupo na sila ng karamdaman at oras na para sila ay lumisan at pumunta sa kanilang huling paroroonan kung saan walang mga rehas na pipigil sa kanila. *CANETH A. IDIOMA*

## 2007 CIVIL SERVICE...

*(Sundan sa pahina 10)*

-Up- Engr. Roberto Pandi, PGCN

***CHESS*** – Champion - Engr. Leopoldo P. Badiola, PGCN; 1st Runner-Up - Engr. Emmanuel Bo, PGCN; 2nd Runner-Up- Levy Rada, PGCN

***DART (MEN)*** – Champion - Ronald Abilgos, LGU Daet; 1st Runner-Up - Wilson Narvasa, National Irrigation Administration (NIA); 2nd Runner-Up - Edwin Mago, Dept. of Interior and Local Government (DILG)

***DART (WOMEN)*** – Champion - Magdalena Toledana, PGCN; 1st Runner-Up - Francia Carillo, PGCN; 2nd Runner-Up - Virgie Estravez, LGU San Lorenzo Ruiz

***BADMINTON*** (WOMEN) ***SINGLES*** - Champion - Nancy U. Hernandez, PGCN; 1st Runner-Up - Asuncion P. Girado, CNSC, 2nd Runner-Up - Ma. Theresa Auxillo, PGCN

***BADMINTON*** (MEN) ***SINGLES*** – Champion - Dennis Cabarle, CNSC; 1st Runner-Up - Richard Joson, Dept. of Trade and Industry (DTI); 2nd Runner-Up - Herbert Panotes, PGCN

***BADMINTON*** (WOMEN) ***DOUBLES*** – Champion - Nancy U. Hernandez and Jane D. Naing, PGCN; 1st Runner-Up - Flordeliza Abogado and Engr. Eden F. Borja, PGCN 2; 2nd Runner-Up - Ma. Theresa Auxillo and Faye Frances Santiago, PGCN

***BADMINTON*** (MEN) ***DOUBLES*** – Champion - Dennis Cabarle and Roger Quimno, CNSC; 1st Runner-Up - Richard Joson and Alvin Sayno, DTI; 2nd Runner-Up - Rolly Garcia and Ryan Bacuño, CANORECO 2.— *Nancy Hernandez/HRMD*




***Tinanggap ng Council of Personnel Officers CN Chapter ang plake mula kay Regional Director Cecil Nieto ng Civil Service Commission, Regional Office No. V, bilang finalist sa 2007 Search for Outstanding Local Government Unit sa pangunguna ng kanilang pangulo na si G. Edilberto C. Baracquiel, HRM Officer IV ng pamahalaang panlalawigan, kasama niya rito ang mga kasapi ng nasabing samahan.***

## National correctional...

*(Mula sa pahina 6)*

ibang tanggapan ng pamahalaang panlalawigan. Ito ay bukas 24 oras sa loob ng 7 araw kumpara sa mga karaniwang tanggapan na nagbubukas pagsapit ng ika-8:00 n.u. at nagsasara sa ika-5:00 n.h., mula Lunes hanggang Biyernes. Karaniwan lamang siguro na may naka-leave na empleyado dahil na rin sa mga pansariling pangangailangan – ito man ay ukol sa kanilang personal na buhay o di kaya ay dahil sa karamdaman.

2. Kakulangan sa pondo – Sa panahong natatakasan o nagkakaroon ng riot o kaguluhan sa loob ng CNPJ, walang pondong nagagamit para sa mga ganitong pagkakataon. Mismong mga guwardya ang nagbibigay ng sariling pera para lamang mahuling muli ang nakatakas na detenido. Bukod sa batikos na sila ay naging pabaya sa trabaho, wala ring makuhang suporta sa sasakyan man, gasolina o pagkain para sa mga guwardya. Isipin sana na wala namang guwardya ang magnanais na matakasan sila. Pero ika nga, hanggang may nakakulong, laging may mag-iisip na makatakas.

3. Mapanganib na kapaligiran – Hindi lamang seguridad ng mga guwardya ang nanganganib kundi pati na rin ang kalusugan ng ibang mga kawani nito. Kalat na sa loob ng piitan ang sakit na tuberculosis o TB at walang garantiya na hindi rito mahahawa ang mga guwardya at kawani dahil sa close contact nila sa mga detenido. Walang hazard pay na tinatanggap ang mga guwardya at kawani ng CNPJ hindi katulad ng mga kawani sa mga ospital o ibang tanggapan na halos pareho lang naman ang trabaho.

4. Kapag ang isang isyu o usapin tungkol sa isang detenido ay nai-radyo, katakut-takot na batikos mula sa media ang tinatanggap ng CNPJ at hindi napapansin ang mga kabutihan o trabahong ginagawa ng mga ito. Syempre pa, parating may masamang mansanas sa isang lalagyan, dahil hindi naman lahat ay perpekto. Kung ang ilan man ay nagkakamali, kadalasan naman, maayos ang kalakaran sa loob ng panlalawigang piitan.

5. Lastly, let us give credit to where credit is due. Kahit marami na ang mga nasabi patungkol sa organisasyon at pamamahala sa CNPJ,

*(Sundan sa pahina 9)*

PROVINCE OF CAMARINES NORTE OFFICIAL SEAL
BATINGAW
DIARYO NG MASA PARA SA KAUNLARAN

***EDITORIAL BOARD:*** Governor Jesus O. Typoco, Jr., chairman; vice chairman; Provincial Administrator Napoleon A. Malaluan; PDIC-PIA; and Purita P. Briñas, members.

***EDITORS:*** Purita P. Briñas, executive editor; Lorena T. Ibasco, managing & news editor; Melinda L. Jerez, feature; Caneth A. Idioma, opinion; Luigi Martin P. Querubin, official photographer; Wilson V. Porcincula, art/design .

***REPORTERS:*** Fiscal and Budget Management – Marilyn A. Soltes, head; PTO - Mari-vic Estacion and Rosita Iligan; Library Services–Jun Moya; Sports– Jose Reniva; Infrastructure - Engr. Eden F. Borja; Planning and Development – Marilyn P. Asis, head; Emmalyn Y. Quiñonez; Agriculture –Helen B. Abordo, head; Health— Milave L. Schneider

***PHOTOGRAPHER*** – Luigi Martin P. Querubin.

***INFORMATION OFFICER DESIGNATES:*** OPAg-Helen B. Abordo, Melinda L. Jerez; PROVET-Samuel O. Villagen; HRMD-Nancy U. Hernandez; EERMD-Gonzalo C. Binay; PSWDO-Cynthia dela Cruz, Aileen Camacho; PEO-Geremias Ibana; PPDO-Amelia Lopez, Dina G. Baleza; MCAD-Aida B. Pandeagua; GSO-Aicel Gache, Darius Mirasol; PBO-Estela P. Adorna; PCSSDD-Caneth A. Idioma; SP-Josephine Badong; PHO-Marino Abogado; LSD-Dario C. Dime; PAssO-Jeffrey M. Regidor, Nerissa A. Augusto; PAcctO-Lilian Y. Rafon, Maria Theresa N. Jimenez; PSEMO-Arnel Ferrer; Tourism -Melvic Briñas

Inilimbag ng Pamahalaang Panlalawigan sa pakikipag-tulungan ng Provincial Deve-lopment Information Council (PDIC) bawat buwan upang magsiwalat ng kaalamang pangkaunlaran sa mga mamamayan at barangay. Sinusulat at inihanda ng Tanggapan ng Ugnayang Pampamayanan, Kapitol Probinsyal, Daet, Camarines Norte.

Tumatanggap ang pahayagan ng artikulong kontribusyon mula sa mga mambabasa. Hinihiling lamang na ito ay makinilyado ng doble espasyo, hindi susobra sa isang maikling bond paper ang haba at nagtataglay ng tunay na pa-ngalan at tirahan ng may akda, lalo na kung ito ay opinyon. Ang kahili-ngan na huwag nang ilimbag ang pangalan ng may akda ay pagbibigyan ng patnugutan.

Alin mang artikulo ay dadaan sa masusing pagsusuri upang iakma ito sa estilo ng pahayagan at limitadong espasyo nito.

# Mga piling larawan



1


5



2


6


3



7



4

*__1)__ Ang booth ng pitong bayan ng Camarines Norte sa isinagawang OK Bikol-Gayon Bikol Fiesta sa Mega Trade Hall ng SM Mega Mall; 2)Ang pagbubukas ng Statistical Exhibit at Gallery of Good Practices sa provincial capitol lobby na pinangunahan nina Provincial Administrator Napoleon Malaluan, OIC Prov'l Officer Rodolfo S. Guevarra ng NSO at Arch. Madonna Abular, PPD Coordinator, ang ribbon cutting ceremonies; 3)Ang selebrasyon ng Fish Conservation Week kung saan nagbigay-parangal sa mga natatanging magsasaka; 4) Nanumpa kay Gob. Jesus O. Typoco, Jr. bilang bagong miyembro ng sangguniang bayan ng Daet si Joan Tabernilla bilang kapalit ng kanyang namayapang ina na si SB Member at dating Punong Barangay Imelda Tabernilla na sinuportahan ng buong SB sa pamumuno ni Vice-Mayor Raymundo at Mayor Tito Sarion. Dumalo rin dito sina RD at PD ng DILG; 5) Ang pagbisita ni RD ng DILG kasama ang ilang SB Members ng bayan ng Daet at PD ng DILG Camarines Norte; 6) ANG KILALANG MAGIKERONG si Lou Hilario nang ito ay bumisita sa booth ng Camarines Norte sa OK Bikol-Gayon Bikol Fiesta kasama si DOT RD Nini Ravanilla, Engr. Gerry Quiñones at ilang kawani ng pamahalaang panlalawigan; 7) Mga kawani ng Provincial Accountant nang sila ay bumisita at nagsuporta sa OK-Bikol-Gayon Bikol Fiesta sa SM Mega Mall.*

# The qualities of a true leader

*By EMMA FLORES ARCILLA*



EMMA F. ARCILLA

***PROBLEM SOLVER*** - As a leader, you are a solution to your constituents' problems. You were not born by accident. You have a mission to fulfill and that is to be an instrument of God to LEAD others to live a life of prosperity, generosity, and peace.

***FATHER*** - As a leader, you are tasked to be the father of one big family. And as the head of the family, you are responsible in supporting them to make a living through honest labor. Being a role-model , you have to respect their individual ideas and opinions as you remain behind to guide and enlighten them. Your light, no matter how small, will start a spark for everyone to illuminate the darkest part of their life.

***MOTHER*** - A true leader assumes a mother's role who nurtures her children with love and care and let them grow into a mature person with moral and spiritual values. A mother sacrifices to be able to give time, to listen, to hug, and to praise and not to dwell on the mistakes but to forgive and to give chance to start all over again.

***BALANCER*** - A true leader remains in the middle, neither siding the left nor the right. He listens to both sides and never gives decisions. Instead, he lets both sides settle the issue through free and healthy discussions, not arguments and debates, until both sides come up with a solution they themselves were able to draw from exchange of opinions and ideas. After all, two people quarrel because they don't know how to listen to each other's point of view.

***HEALTH ENTHUSIAST*** - A true leader takes care of his body. He avoids vices like smoking, drinking, womanizing, and other bad habits that will damage his health. If a leader is afflicted with human illness, he can not perform his tasks effectively and cannot deliver what is expected of him. If a leader is healthy, he can lead his people to live a healthy life, thereby, a healthy and better community to live in.

***ENVIRONMENTALIST*** - A true leader respects nature and the environment. He advocates preservation of natural resources, marine life, and other living things. He supports reforestation and prevents inundation of mountains. He believes in the balance of nature that provides clean, safe and abundant source of food.

***FINANCIAL ADVISER*** - A true leader spends only what he earns. He lives a simple life. He teaches by example, his people on how not to be materialistic and greedy. He is transparent in all his financial responsibilities and obligations in his office. He consults his people when there is financial crisis and asks for their cooperation in solving the crisis.—***EMMA FLORES ARCILLA***

# CSC Month closing ceremony

*(Mula sa pahina 10)*

Service. Naging panauhin sa nasabing okasyon ang Regional Director ng Komisyon ng Serbisyo Sibil Rehiyon V na si Gng. Cecilia R. Nieto. Naging tampok sa programa ang pagbibigay ng pagkilala sa mga local government units ng iba't-ibang bayan ng probinsya at Camarines Norte Council of Personnel Officers na tumanggap na ng parangal noong Setyembre 28, 2007 bilang finalist sa panrehiyong timpalak na Search for Outstanding Local Government Units at Council of Personnel Officers na ginanap sa Camarines Sur Convention Center, at gayundin ang mga natatanging kawani ng pamahalaang panlalawigan na may mga exemplary performances pati na rin ang mga nagretiro sa serbisyo.

Ang mga tumanggap ng parangal ay ang mga sumusunod: Awards of Recognition - LGUs of Daet, Labo, Talisay, CNCPOs, DepEd CN and Mr. Arnilo A. Barrameda; Awards of Citation – Ms. Lorna G. Bernal, Mr. Edwin I. Eco, Mr. Rodrigo V. Santelices, Ms. Zenaida L. Garcia, Engr. Roberto M. Pandi and Engr. Sahlee T. Yanto; Awards of Commendation (Retirees) – Ms. Delia B. Fermo, Ms. Fe E. Elep, Mr. Danilo C. David, Mr. Emilio P. Zantua, Engr. Nestor R. Obusan, Ms. Auro B. Flores, Mr. Jose J. Olila, Mr. Virgilio Q. Vistan, Mr. Jenny V. Dayaon (Posthumous), Mr. Mario F. Zamudio; Awards of Commendation (Exemplary accomplishment in Revenue and Real Property Tax Collection) – Provincial Treasurer Lorna A. Coreses, Provincial Assessor Annabel M. Defeo, Municipal Treasurers Anacorita A. Obrero, Ma. Teresa T. Reyes, Dante E. Manlapaz, Merlinda D. Sargento, Cynthia S. Jimenez, Rosie R. Parale, Cecilio Q. Noora, Jr. and Amor A. Pobre, Municipal Assessors Julio Y. Miguel and Teodoro V. Obmaña.

Kasabay rin nitong isinagawa ang paggawad ng parangal at premyo sa mga kawani/ahensyang nanalo sa isinagawang inter-offices/agencies sportsfest.—***Nancy U. Hernandez***

***Ang Values Orientation Workshop (VOW) na isinagawa ng Civil Service Commission Field Office dito sa lalawigan ng Camarines Norte kaugnay ng selebrasyon na nilahukan ng mga kawani mula sa pamahalaang panlalawigan. Dito ay makikita na nagbibigay ng kanyang lecture si Evangeline Javate, isa sa mga facilitators sa naturang workshop.***



# National Correctional Consciousness Month hindi lamang para sa mga detenido

Sa paggunita sa National Correctional Consciousness Month ngayong buwan ng Oktubre, hindi lamang siguro ang kalagayan ng ating mga detenido ang dapat pagtuunan ng pansin kundi maging ang kalagayan ng mga kawani at guwardya na nagsisilbi sa nasabing tanggapan.

Sa halos 400 detenido na nakapiit ngayon sa Camarines Norte Provincial Jail (CNPJ), meron lamang 16 custodial guards na nagbabantay sa mga ito. Ito ay sa loob ng 24 oras, 7 araw sa isang linggo. Sampung taon na ang nakalilipas, ang bilang ng ating mga detenido ay 175-200 lamang. Ngayong taong 2007, ito ay umaabot na sa 400 pero ganoon pa rin ang bilang ng ating mga guwardya.

Maraming batikos na ang natanggap ng nasabing tanggapan at panahon na rin siguro na maipaalam ang mga sumusunod na kadahilanan kung bakit dapat na pagtuunan ng pansin ang kalagayan ng mga kawani sa CNPJ:

1. Ito ay underman o may kakulangan sa mga guwardya. Kakaiba ang CNPJ sa

*(Sundan sa pahina 4)*

# Values Orientation Workshop dapat isagawa taun-taon

Sa ikawalong pagkakataon, matagumpay na naisagawa ang tatlong (3) araw na Values Orientation Workshop (VOW) sa pamahalaang panlalawigan. Sa kapahintulutan at pagtataguyod ng Kgg. Gobernador Jesus O. Typoco, Jr. na pinangunahan ng magkasanib na pwersa ng tanggapan ng Human Resource Management Division (HRMD) at

*(Sundan sa pahina 9)*

# Prisoners' van ng Provincial Jail dumating na

Isa sa mga pangunahing problema ng Camarines Norte Provincial Jail (CNPJ) ang kakulangan sa sasakyan ng mga detenido lalo na kung sila ay may mga nakatakdang pagdinig sa mga kaso (hearing).

Umani na nang katakut-takot na pagbatikos ang minsang paglalakad ng mga ito mula sa Hall of Justice na ang kasama ay iilang guwardiya lamang. Maging sa paglipat sa National Bilibid Prison ng mga sentensiyado ay nababalam dahil na rin sa kawalan ng magagamit na sasakyan ang nasabing piitan.

Ilang taon ding hiniling ng Provincial Jail na sila ay mabigyan ng kanilang sariling sasakyan na angkop sa mga detenido at ngayon lang taong 2007 natupad ito.

Para mabili ito, ang pamahalaang panlalawigan ay naglaan ng isang milyong piso (Php 1,000,000.00). Ang bagung-bagong ISUZU VAN na kulay puti ay idineliber kamakailan alinsunod sa mga espesipikasyong ibinigay ng CNPJ. May rehas ang mga bintana nito at ang upuan ng mga detenido ay nakahiwalay sa kanilang gwardya sa kadahilang panseguridad.

Ang naturang prisoners' van na nagkakahalaga ng Php 915,000.00 ay magagamit na ngayon ng ating detenido sa pagdalo sa pagdinig sa kanilang mga kaso, sa paglilipat sa kanila sa National Bilibid Prison o pagdala sa kanila sa iba pang kinauukulang ahensya ng pamahalaan. Nakasulat sa labas nito ang CAMARINES NORTE PROVINCIAL JAIL gayundin ang pangalan ni Gobernador, Jesus O. Typoco, Jr.

Ang pagkakaroon ng prisoners' van ay malaking tulong sa ating mga detenido lalo na sa ating mga jail guards. Tapos na rin ang pag-abono nila sa pamasahe para lamang maihatid ang mga detenido sa hearing, ang paglalakad mula sa Hall of Justice kasama ang pito o higit pang mga detenido. Hindi na rin mababalam ang paglilipat ng mga preso sa National Bilibid Prison o kung saan mang kinauukulang lugar na dapat silang dalhin. *CANETH A. IDIOMA*

## Prov'l. Library ...

*(Mula sa pahina 2)*

inaasahang higit na mabibiyayaan.

Sa maliit na pamamaraan at kakayahan ng Pamahalaang Panlalawigan, nawa'y magbigay-sigla ito sa mga mag-aaral at iba pang nangangailangan ng mga kauring paglilingkod at ng ibayong pagsisikap para sa paghahanda tungo sa kanilang magandang kinabukasan. – ***DCDime***




*Ang bagong sasakyan ng Camarines Norte Provincial Jail na binili ng pamahalaang panlalawigan para sa mga detenido ng naturang piitan. Ito ay naisakatuparan sa pamamagitan ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr. Ang naturang sasakyan ay gagamitin ng mga tauhan at detenido sa pagpunta o pagdalo sa pagdinig ng kanilang mga kaso sa mga korte.*

## List of Vacant Positions, Provl. Govt. of Camarines Norte

| Position Title | Item No. | Salary Grade | Date Vacated | Level | Place of Assignment | Education | Experience | Qualification /Requirement | | Other Requirements |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | | | | Training | Eligibility | |
| Driver I | 3012 | 3 | | 1 | Vice Governor's Office | Elementary School Graduate | None required | None required | Driver's License | |
| Engineer IV | 7017 | 22 | | 2 | Provincial Engineer's Office | Bachelor's degree in engineering relevant to the job | Three (3) years of relevant experience | 16 hours of relevant training | R.A. 1080 | |
| Librarian IV | 2026 | 22 | | 2 | Governor's Office-Library Ser. Division | Bachelor's degree in Library Science or Information Science or BS in Education/Arts major in Lib. Sci. | Three (3) years of relevant experience | 16 hours of relevant training | R.A. 1080 | |
| Administrative Aide VI (Clerk III) | 9550 | 6 | | 1 | Office of the Provincial Agriculturist | Completion of two (2) years studies in college | None required | None required | | |
| Dental Aide | 4124 | 4 | | 1 | Provincial Health Office | High School graduate | None required | None required | None required (MC 11, s. 96-Cat. III) | |

***SGD) EDILBERTO C. BARAQUIEL, HRMO IV***

## Prov'l. Health Office...


*(Mula sa pahina 1)*

Sa isinagawang sales conference, sinabi ni Provincial Health Officer Dr. Arnulfo Salagoste na sa kasalukuyan wala pang naitatalang kaso ng tigdas sa probinsiya samantalang may kabuuang 17 kaso ng tigdas ang naitala mula 2003-2006.

Ang *knock-out tigdas* ay gagawin sa Oktubre 15 hanggang Nobyembre 15 ngayong taon kung saan ay magbibigay ng libreng bakuna laban sa tigdas sa mga batang may 9 na buwan hanggang 4 na taong gulang, at may kasama pang Bitamina A sa mga batang 6 na buwan hanggang 17 buwan.

Ang "Knock-Out Tigdas 2007" ay hindi lamang sa lalawigan kundi ito ay sabay-sabay na isinasagawa sa buong bansa. Ito ay kaugnay ng sampung taong plano o ang Philippine Measles Elimination Campaign sa pamamagitan ng Presidential Proclamation #4 kung saan nais na mawala sa sirkulasyon ang virus ng tigdas sa lahat ng komunidad sa taong 2008.

Sa isinagawang sales conference, nagbigay ng pledge of support ang iba't-ibang ahensiya ng pamahalaan ganun din ang mga pribadong sektor upang matagumpay na maiparating sa mga mamamayan ang kahalagahan ng pagbabakuna laban sa tigdas. – ***RB Manlangit, PIA, CN***



All children deserve a good life

# Statistical Exhibit ...

# Who is to blame?

By: Judge Angelo D. Malandra
Juvenile and Domestic Relations Court
Camden County, New Jersey, USA

We read in the papers and hear on the air
Of killings and stealing and crime everywhere.
We sigh and say as we notice the trend,
This young generation - where it will end.
But can we be sure, it's their fault alone?
Are we less guilty who place in their way
Too many things that led them astray.

Too much money, too much idle time
Too many movies of passion and crime
Too many books not fit to read
Too much evil in what they hear said
Too many children encouraged to roam
Too many parents who won't stay at home.

Kids don't make the movies, they don't write the books
They don't paint gay pictures of gangsters and crooks
They don't make the liquor, and they don't run the bars
They don't make the laws and they don't make the cars
They don't make the drugs that muddle the brain
Those were done by older folks - greedy for gain

Delinquent teenagers oh, how we condemn!
For the sins of the nation and blame it on them
By the law of the blameless, the Savior made known
Who is there among us to cast the first stone?
For in some many cases, it's sad but it's true
The title "delinquent" fits older folks, too.

*(Mula sa pahina 1)*

Road to a Better Life Through the MDG" na parehong isinasagawa sa buong bansa tuwing buwan ng Oktubre.

Isinagawa ang pormal na pagbubukas ng exhibit matapos ang isang maikling palatuntunan kung saan ang opening remarks ay ibinigay ni Provincial Statistics Officer Rodolfo S. Guevarra, ang rationale ng National Children's at Statistics Month ay tinalakay ni Provincial Planning and Development Coordinator Madonna Abular at ang mensahe ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr. na noon ay nasa opisyal na lakad ay binasa ni Dr. Napoleon A. Malaluan gayundin ang kanyang closing remarks mismo.

Sa binasang mensahe ng gobernador, pinagtuunan ang walong (8) Millennium Development Goals na kinabibilangan ng mga sumusunod: 1) Eradication of Extreme Poverty and Hunger; 2) Achieving universal primary education; 3) Promotion of gender equality and women empowerment; 4) reduction of child mortality; 5) improvement in the maternal health; 6) combating HIV/AIDS, malaria and other diseases; 7) Environmental sustainability, at; 8) Developing global partnership for development. - mga mithiin na maaaring maabot kung ang lahat na mga kinauukulang opisyal at tanggapan ay sama-sama at aktibong kikilos para maayos na maisakatuparan ang mga kaukulang programa at proyekto.

Kasama ring pinagtuunan sa mensahe ang pagsisikap ng pamahalaan na gawing angkop ang kapaligiran para sa mga kabataan sa pamamagitan ng pagsasagawa ng programa at proyekto na nagsusulong sa kapakanan at karapatan nito ganundin ang mga kababaihan dito sa lalawigan.

Matapos ang maikling palatuntunan, isinagawa ang ribbon-cutting ceremony sa lobby ng Kapitolyo. Ito ay pinangunahan nina Provincial Administrator Malaluan, Arch. Abular at G. Guevarra. Sinundan ito ng pagtingin ng lahat na dumalo sa okasyon sa mga display o' exhibits.

Layunin ng statistical exhibit na magkaroon ng angkop na impormasyon at kamalayan ang mga mamamayan dito sa tunay na kalalagayan ng ating lalawigan at kung naabot na nito ang mga target nito na nakapaloob sa Millennium Development Goals (MDG).

Nabatid naman ng publiko ang iba't-ibang programa at proyektong makabata na naipatupad at isinasagawa ng pamahalaang panlalawigan sa ilalim ng Sixth Country Programme for Children (CPC 6) sa pamamagitan ng mga larawan na itinampok sa naturang gallery. Ang CPC 6 ay itinataguyod ng United Nations Children's Fund (UNICEF) at sinusuportahan ng mga kinauukulang pambansang ahensya, panlalawigang tanggapan at pribadong sektor. ***MARILYN P. ASIS***

*Ang ilan sa mga mag-aaral na bumisita saStatistical Exhibit at Gallery of Good Practices sa provincial capitol lobby. Ito ay kaugnay ng selebrasyon ng National Childrens' Month at National Statistics Month.*



# Handog pamasko ni Gob. Typoco sa mga kababayan: libreng 'live' na palabas ng laban ni Pacquiao

Dinagsa ng napakaraming tao ang Camarines Norte Agro Sports Center noong Oktubre 7, 2007 kaugnay ng maagang pamaskong handog ni Gob. Jesus "Atoy" Typoco, Jr. sa kanyang mga kababayan na makapanood nang walang bayad at live ang laban ni Pilipino ring-idol Manny Paquiao kalaban si Marco Antonio Barrera ng Mehiko, sa Mandalay Bay, Las Vegas Nevada.

Alas syete pa lamang ng umaga ay dagsa na agad ang mga manonood upang makakuha ng magandang puwesto sa loob ng sports center.

Hindi naman mahulugang karayom ang naturang lugar matapos ngang piliin ng mga tao ang libre kesa sa may bayad na restaurant sa downtown Daet.

Sa kabila ng napakainit na kapaligiran sa loob ng sports center, tinatayang tatlo hanggang limang libo ang mga boxing aficionados na dumagsa upang panoorin ang Pambansang Kamao.

Buong puso namang nagpasalamat ang mga mamamayan kay Gob. Jesus Typoco, Jr. sa patuloy nitong pag-alaala sa mahihirap na kababayan sa lalawigan. Isang masigabong palakpakan ang isinalubong ng mga ito nang pumasok ang gobernador sa loob ng sports center.

Ngiti naman ang isinalubong ni Gob. Jesus "Atoy" Typoco, Jr. sa mainit na pasasalamat ng kanyang mga kababayan sa ginawa niyang pagpapalabas ng libreng laban ni Manny Paquiao sa Camarines Norte Agro Sports and Cultural Center ng kapitolyo Probinsyal.

Ayon sa gobernador, napakataas ng bayad sa mga malalaking restaurant sa downtown Daet, kaya't naisipan niyang magpalabas ng libreng laban ni Paquaio upang mas maraming mga mahihirap ang makapanood nito.

Idinagdag pa ng opisyal na nais din niyang mabigyan ng kasiyahan ang kanyang mga kababayan sa araw ng Linggo kung saan isang Family Day at sama-sama ang buong pamilya.

Sa kabilang dako, lubos naman ang naging kagalakan ni Gob. Jesus Typoco, Jr. sa naging pagdagsa ng mga tao sa sports center na halos magiba sa sigawan pag nakakatama ng suntok si Manny Paquiao. Ayon sa opisyal, ito'y isang patunay na patuloy na sumusuporta ang kanyang mga kababayan sa kaniyang mga adhikain.

Pagpapatunay din umano ang pagdagsa ng mga tao sa kapitolyo na maraming nakikinig sa Radyo ng Bayan kung saan dito lamang napakinggan ang anunsyo ng libreng palabas. ***FRANCIS "KIKO" LAUSIN (DWCN FM Radyo ng Bayan-Camarines Norte)***

# Values Orientation...

(Mula sa pahina 6)

Civil Service Commission Field Office (CSC FO) ng Camarines Norte ay nagbigay ng 3 araw na pagsasanay sa 29 piling kawani mula sa iba't-ibang departamento ng pamahalaang panlalawigan.

Ang values orientation na ito ay bilang tugon sa Values Formation and Development Program na isinusulong ng pamahalaan para sa mga empleyadong nagbibigay ng serbisyo-publiko. Layunin nito na mas lalong mapabuti at mapabilis ang serbisyong ibinibigay ng mga kawani ng pamahalaan sa publiko. Isinagawa ang pagsasanay na ito noong Oktubre 1 -3, 2007 sa Audio-Visual Production Center (AVPC) ng Kapitolyo Probinsyal.

Sa naturang 3 araw na pagsasanay, malaki ang naging pasasalamat ng mga kawaning dumalo rito sapagka't anila ito ay may malaking kapakinabangan sa pagsulong at pag-unlad ng moral values ng bawa't empleyado. Sa ganitong pagsasanay ay nililinang din ang pantay, walang kinikilingan at agarang serbisyo sa publiko ng mga kawani ng pamahalaan sa ilalim ng slogan na: "Mamamayan Muna, Hindi Mamaya Na".

Dahil dito, hiniling na muli ng mga kawani sa pamamagitan ng HRMD na ipagpatuloy ng butihing Gob. Typoco, Jr. ang paglalaan ng pundo taun-taon para sa pagsasagawa ng Values Orientation Workshop para sa mga kawani ng pamahalaan upang maiangat ng bawa't isa ang antas ng paglilingkuran sa larangan ng serbisyo publiko. ***SAMUEL VILLAGEN***

# OK Bikol...

(Mula sa pahina 1)

Isinagawa ang Opening noong ika-11 ng Oktubre sa pamamagitan ng isang maikling programa na dinaluhan ng ilang opisyal ng DTI, DOT at ilang lokal na opisyal ng pamahalaan mula sa ibat -ibang bayan ng rehiyong.

Siyamnapung (90) manufacturers ang nagbenta ng iba't-ibang produkto mula sa home furnishings, giftware at holiday decór, fresh at processed food products, organic at natural products, cutlery and furniture. Ang Camarines Norte ay may siyam (9) na lumahok at nagkaroon ng kitang P553,920.00 sa loob ng 4 na araw na pagbebenta. Inaasahang may P15M ang kinita ng OK Bikol ngayong taon na linampasan ng P3M ang nakaraang P12M kita noong nakaraang taon.

Ang OK Bikol-Gayon Bikol 2007 ay itinaguyod ng Department of Trade and Industry Region V, Department of Tourism Region V, OK Bikol Association, Inc. at Philexport Bicol Chapter. ***LMP QUERUBIN***

# Mga pagsasanay...

(Mula sa 2)

kinatawan ng Socio-Pastoral Action Center Foundation, Inc. (SPACFI). Sinundan ito ng Public Forum/ Consultation on Sea Cucumber Fisheries Management.

Upang magkaroon ng mas malawak at angkop na kaalaman ang lahat na kinauukulan ukol sa mga umiiral na batas-pampangisdaan, isinagawa naman noong Oktubre 17 ang Provincial Fishery Law Enforcement Forum kung saan ang pangkalahatang ideya ukol sa pagsasagawa ng pulong ay inihayag ni Eddie Dy Espiritu, head, Fishery Development Division (FDD). Ang mga paksang tinalakay rito ay ang mga sumusunod: The Role of DILG and LGUs in the Implementation/ Enforcement of Fishery Laws, Salient Features of Provincial Ordinance No. 03-29 (Provincial Fishery Ordinance Enacting the Basic Fishery Ordinance of the Province of Camarines Norte, Region V, Enforced in Conjunction with Existing Laws, Rules and Regulations on Fishing and/or Fishery), Police Functions over Philippine Territorial Waters, Government Agencies in Fishery Law Enforcement, Fishery Offenses Under RA 8550 and General Rules on Arrest, Search, Seizure and Detention, at; Procedures on Apprehension and Prosecution of Violators.

Sa pagtatapos ng aktibidad, lumagda sa isang pangako/ kasunduan para sa pagsusulong ng isang makakalikasang uri ng pangingisda ang lahat na mga kinauukulang opisyal ng pamahalaang panlalawigan at mga pamahalaang bayan sa lalawigan.

Isinagawa naman noong Oktubre 18-19 ang Training on Product Packaging, at Labeling and Packaging Techniques for Achievers Award na tinampukan ng mga paksa ukol sa: Good Manufacturing Practices, Basics of packaging and Labeling, Global Barcoding, Presentation of Sample Labeled Products, 4 Ps of Marketing, AIDA Concept of Marketing, Farm Planning and Record Keeping, at Framework Designing and Graphical Presentation.

Samantala, pinangunahan naman ni Gng. Irene J. Olivar, Agriculturist II-OPAg, ang pagtukoy sa mga Aggie Achievers, paghahanap ng mga posibleng nominado, at pagkalap ng mga kaukulang datos, gayundin ang profiling ng mga kinauukulang achievers, pagpili/pagtaya sa mga outstanding achievers, kaukulang workshop at finishing touches. Kaugnay nito, inilahad naman ni Gng. Abordo ang outstanding accomplishments ng mga Aggie achievers at ang Achievers' Success Story and Script Writing. ***LT IBASCO/ MELINDA L. JEREZ***

# National correctional...

(Mula sa pahina 4)

hindi maikakaila na sinisikap nilang mapahusay ang kanilang trabaho sa abot ng kanilang kakayahan. Ito ay sa kabila ng katotohanan na kadalasan, wala rin namang pondong napagkukunan para sa mga pangangailangan ng mga detenido. Muli, hindi kami naghahanap ng mga papuri at palakpak, ngunit sa pagtatapos ng araw, masasabi namin na may pagmamalaki na mahusay naming nagawa ang aming trabaho. Hindi kami perpekto, ngunit meron ba? ***CANETH A. IDIOMA***

# Ecological...

(Mula sa pahina 10)

M.Cacho Elementary School, Mercedes Elementary School, Paracale Elementary School, San Vicente Elementary School, Sta. Elena Elementary School, Talisay Elementary School, Tulay na

Lupa Elementary School, Vinzons Pilot Elementary School, La Consolacion College, Chung Hua High School, Larap Elementary School, at Baldovino Elementary School.

Samantala ang mga naging hurado ay kinabibilangan nina: Oratorical Contest – Maria Gisella C. Nasol ng OPAG; Myla G. Magana ng CNSC; at sumulat nito. Ecological Quiz – Concepcion Romero, DENR; Alona C. Morales at EdgardoEstanislao, OPAG; Poster Making Contest – Fidel Panotes, PPDO; Christopher Obra, EERMD-GO; at Joel Orcena ng Brgy. Camambugan, Daet. (GCB)

# Mataas na koleksyon...

(Mula sa pahina 2)

2nd Place – MT Rosie Parale – Capalonga; 3rd Place – MT Merlinda Sargento – Sta. Elena***Economic Enterprise Collections*** – 1st Place – MT Dante E. Manlapaz – Paracale; 2nd Place – OIC/MT Amor Pobre – Mercedes; 3rd Place – MT Cecilio Q. Noora, Jr. – Talisay.

Nagsilbing hamon ito upang lalo pang paigtingin ngayon ng PTO at MTO Revenue Task Force sa pangunguna ni PT Lorna A. Coreses, kaagapay si Provincial Assessor Annabel A. Defeo at mga ingat-yaman ng bayan, ang kampanya sa koleksyon ng buwis upang makolekta ang kabuuang halagang P464,216,964.00, tinatayang rebenyu para sa kasalukuyang taong 2007. Kabilang sa pinagtutuunang pansin ngayon ng PTO ay ang agarang pag-update ng ***Tax Rolls*** upang matukoy ang mga may bayarin sa buwis dito sa lalawigan ng Camarines Norte. – ***Ting Iligan***

# Training-seminar...

(Mula sa pahina 3)

na pagsasanay.

Ang naging tagapagsalita ay pawang kawani ng Protected Area and Wildlife Sector ng DENR Region 5, Legazpi City. Ito ay kinabibilangan nina Forester Juan Belardo-Protected Area Laws and Policies; Ms. Myrna Baylon-Biodiversity Conservation; at Atty. Ronnel Sopsop -Paralegal Aspect (filing and procedure on PD 705, RAs 9147 at 7586).

Ang nasabing seminar-training ay magkatuwang na itinaguyod ng DENR-PENRO dito sa lalawigan na pinamumunuan ni Forester Elpidio Z. Orata, at ng Pamahalaang Panlalawigan sa pamamagitan ng Ecosystem and Environmental Resource Management Division (EERMD) na pinamumunuan naman ni Engr. Leopoldo P. Badiola na nasa ilalim ng Tanggapan ng Punong Lalawigan.- ***(G. C. BINAY)***

BATINGAW
DIARYO NG MASA
PARA SA KAUNLARAN

TAON 7, BLG. 4 DAET, CAMARINES NORTE OKTUBRE 2007“
Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, C. Norte
Website: http:/www.camarinesnorte.gov.ph E-mail: cao_cnorte@yahoo.com

## CSC Month closing ceremony

Ginanap noong Oktubre 9, 2007, ika-2:00 ng hapon sa Little Theater ng Sentro ng Palakasan, Kultura at Sining ang Closing and Awarding Ceremony ng ika-107th Anniversary ng Philippine Civil

(Sundan sa pahina 6)

# Ecological quiz, oratorical at poster-making contests isinagawa ng Pamahalang Panlalawigan

Isinagawa ng Pamahalaang Panlalawigan ang ecological quiz, oratorical at poster making contests sa Little Theatre, Provincial Capitol Complex, Daet, Camarines Norte noong Oktubre 26, 2007.

Nakatuon sa temang “Global Warming, Sugpuin… Kapaligiran, Isalba Natin” ang nabanggit na contests ay bahagi ng Information, Education and Communication Campaign ng Pamahalaang Panlalawigan kaugnay sa Community-Based Resource Management Project na isinagawa nito sa Brgy. Tulay na Lupa, Labo, at ilang coastal barangays sa bayan ng Talisay ilang taon na ang nakakaraan.

Tinanghal na kampeon sa eco quiz contest si Sahlee Ann Puatu ng Talisay Elementary School; Nicole O. Zenarosa ng Vinzons Pilot Elementary School sa oratorical contest; at Michelle Francisca Ogad ng Jose Panganiban Elementary School sa poster making contest. Sila ay tumanggap ng tig P3,000.00 cash prize, gold medal, tropeo at certificate of participation.

Samantala, ang nakakuha ng ikalawang gantimpala na tumanggap ng tig P2,000.00 cash prize, tropeo, silver medal at certificate of participation; at tig P1,000.00 cash prize, tropeo, bronze medal at certificate of participation para sa nakakuha ng pangatlong gantimpala ay ang mga sumusunod:

Quiz contest – 2nd prize, Rose Ann Joy B. Camigla, Mercedes Elementary School, at 3rd prize, Jean Elaise C. De Mata, Jose Panganiban Elementary School; Oratorical Contest – 2nd prize Mary Gazylene Pagsisihan, CNSC-Abaño Campus, at 3rd prize, Mara Angeli V. Sarabillo, Chung Hua High School; at Poster Making Contest 2nd prize – Peterick Villaluz, Tulay na Lupa Elementary School; 3rd Prize, Novem A. Merciales, Basud Elementary School.

Ang lumahok sa mga patimpalak ay mg mag-aral na nasa ika-4 hanggang ika-6 na baiting mula sa 17 paaralang elementarya sa lalawigan na kinabibilangan ng mga sumusunod: Basud Elementary School, CNSC-Abaño Campus, Daet Elementary School, Jose Panganiban Elementary School, Labo Elementary School,

(Sundan sa pahina 9)




*Nasa larawan ang mga nagtamo ng mga unang gantimpala sa ecological quiz, oratorical at poster-making contests na isinagawa ng Pamahalaang Panlalawigan. Mula sa kaliwa, Michelle Francisca Ogad , Jose Panganiban Elementary School - Poster Making; Nicole O. Zenarosa, Vinzons Pilot Elementary School - Oratorical; at Sahlee Ann Puatu, Talisay Elementary School - Ecological quiz.; Tinatanggap nina Flordeliza Abogado at Engr. Eden Borja (ibabang larawan) ang kanilang plake bilang 1st runner-up sa Badminton Doubles ng Sports Fest ng 107th CSC Month Celebration noong Setyembre.*

## Official results:

## 2007 CIVIL SERVICE SPORTSFEST Inter-Agencies Sports Competitions

***BASKETBALL*** - Champion - Jose Panganiban LGU c/o Ronald Arriola; 1st Runner-Up - Department of Public Works & Highways c/o Cesar Abanes; 2nd Runner-Up - Provincial Government of Camarines Norte c/o Elberto M. Padilla

***VOLLEYBALL (MEN)*** – Champion - Camarines Norte State College (CNSC) c/o Noli Dipasupi; 1st Runner-Up - Provincial Government of Camarines Norte c/o Engr. Rolando V. Asis; 2nd Runner-Up - Provincial Government of Camarines Norte (PGCN) c/o Rey Eco

***VOLLEYBALL (WOMEN)*** – Champion - Provincial Government of Camarines Norte c/o Nancy U. Hernandez; 1st Runner-Up - Camarines Norte State College c/o Asuncion Girado; 2nd Runner-Up - Dept. of Environment & Natural Resources c/o Reynaldo Laureles

***BILLIARD*** – Champion - Charlie Bacia, PGCN; 1st Runner-Up - Arbanito Galang, PGCN; 2nd Runner

(Sundan sa pahina 4)

